



Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

## 5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD

### COMMITTEE ON SENIOR CITIZEN

AND

### COMMITTEE ON RULES & PRIVILEGES, LAWS & ORDINANCES

### JOINT COMMITTEE REPORT

NO. SC-006-2023

---

*Subject: RESOLUTION OF THE PEDERASYON NG SENIOR CITIZENS ASSOCIATIONS NG LUNGSOD NG BACOR, CAVITE TO ADOPT THE RULES DISCUSSED AND APPROVED BY THE BOARD OF DIRECTORS OF THE DISTRICT 1 REGARDING THE APPOINTMENT OF ONE OF THE BARANGAY PRESIDENTS AMONG THOSE AFFECTED BY THE MERGER OF SOME BARANGAY UNITS. dated November 20, 2023 SC-006-2023*

---

Ang nasabing iminungkahing resolusyon ng pakikipagtulungan ng Joint Committee sa Senior Citizens at Committee on Rules and Privileges, Laws and Ordinances na ginanap noong Nobyembre 30, 2023 sa MSBR Conference Room sa Sangguniang Panlungsod Legislative & Resilience Building na pinangunahan ni Hon. Simplicio Dominguez. Ang nasabing resolusyon ay inilathala sa Komite para sa pag apruba ng binalangkas na Lupon ng Resolusyon sa Pederasyon ng Senior Citizens.

#### **PAGTUKLAS AT REKOMENDASYON:**

Sa pagbabasa at pagtatalakay sa binalangkas na Lupon ng Resolusyon at pagpapatupad ng tuntunin sa Pederasyon ng Senior Citizens, napagkasunduan ng joint committee na ang mga kasalukuyang opisyal ng mga dating barangay na involved sa barangay ordinance ay magdaos ng halalan upang matukoy ang mga opisyal ng bagong merge na barangay.

Ang mga opisyal ng dating barangay ay mananatiling cluster officers bilang representante ng barangay upang maipatupad ang mga tuntunin ng pederasyon hinggil sa paraan kung saan isang pangulo (kabilang sa mga apektado ng pagsasanib ng ilan sa mga barangay ay ifatalaga upang makipag ugnayan sa kani-kanilang barangay.

Sa Unang Pagbasa ng nabanggit na paksa, si Konsehal Simplicio G. Dominguez ay nagsumite ng pag-apruba, na lubos na pinagtibay ng mga kagalang-galang na mga miyembro ng komite ng 5th Sangguniang Panlungsod.



Republic of the Philippines  
**PROVINCE OF CAVITE**  
**CITY OF BACOR**

**OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**WE HEREBY CERTIFY** that the contents of the foregoing report are true and correct.

Signed this 30th day of November 2023 at the City of Bacoor, Cavite.

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ**  
Chairman – Senior Citizen

**COUN. LEVY TELA**  
Vice Chairman – Senior Citizen  
Vice Chairman – Rules & Privileges, Laws & Ordinances

**COUN. ADRIELITO GAWARAN**  
Member – Senior Citizen  
Member – Rules & Privileges, Laws & Ordinances

**COUN. REYNALDO PALABRICA**  
Chairman on Rules & Privileges, Laws & Ordinances

**COUN. ALEJANDRO GUTIERREZ**  
Vice Chairman – Rules & Privileges, Laws & Ordinances



Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

**5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD**  
**COMMITTEE ON SENIOR CITIZENS**  
**and**  
**COMMITTEE ON RULES & PRIVILEGES, LAWS & ORDINANCES**

**JOINT COMMITTEE MINUTES**  
**NO. SC-006-2023**

---

**Subject: RESOLUTION OF THE PEDERASYON NG SENIOR CITIZENS ASSOCIATIONS NG LUNGSOD NG BACOR SENIOR CITIZENS ASSOCIATIONS NG LUNGSOD NG BACOR, CAVITE TO ADOPT THE RULES DISCUSSED AND APPROVED BY THE BOARD OF DIRECTORS OF THE DISTRICT 1 REGARDING THE APPOINTMENT OF ONE OF THE BARANGAY PRESIDENTS AMONG THOSE AFFECTED BY THE MERGER OF SOME BARANGAY UNITS. SC-006-2023 dated 20 November 2023.**

---

1. Ang Committee Meeting ay nagsimula ng 1:00 pm na ginanap noong ika-30 ng Nobyembre, 2023, sa MSBR Conference Room, 4<sup>th</sup> Floor, Sangguniang Panlungsod Resilience and Legislative Building sa Bacoor, Cavite na dinaluhan ng mga kasapi ng komite at naimbitahang mga panauhin.
2. Si Coun. Simplicio Dominguez ay nanguna sa pagpupulong at kinilala ang presensya ng mga miyembro ng komite.
3. Ang pagbabasa ng paksa tungkol sa Lupon ng Resolusyon at Pagpapatupad ng Tuntunin ay binasa ni kagalang-galang Konsehal Reynaldo Palabrica bilang kasapi ng komite.

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ (Chairman of the Committee):** "Ipakilala ko muna po ang iba nating kasamahan sa committee hearing na ito. Konsihal Tela".

**COUN. LEVY TELA:** "Magandang hapon po sa inyong lahat. Ako po si Konsehal Levy Tela Vice Chairman ng Committee on Senior Citizen."

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Sa kanan ko naman ay si Konsehal Palabrica."

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ (Chairman of the Committee):** "For the record po, magandang umaga sa aking mga kasamahan sa konseho. Malugod ko po kayong inanyayahan sa joint committee na ito upang matalakay natin ang patungkol sa pagtatalaga ng mga presidente sa Senior Citizens Federation na naapektuhan ng barangay merging. Konsehal Palabrica. Ano po ang masasabi nyo sa nakabalangkas na Resolusyon ng Lupon sa Pederasyon ng Senior Citizens?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Konsehal Palabrica po, President for Pro Tempore ng Sangguniang Panlungsod, Committee Chairman on Rules & Privileges, Laws & Ordinances, Member Committee on Senior Citizen. Magandang Hapon po sa inyong Lahat." Ikokonsidera at pag-aaralan natin, then afterwards magdedecide tayo kung anong guidelines ang imumungkahi natin. Dahil bago at first time pa lang sa atin ang barangay merging implementation."





Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

## 5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Konsehal Bok Nolasco."

**COUN. ROGELIO NOLASCO.** "Magandang Hapon po sa inyong lahat na katulad kong senior. Salamat po sa inyong presence."

**COUN. RAMON BAUTISTA:** "Magandang hapon po sa inyong lahat."

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Ngayon magpakilala na lang po ang seniors."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "For the record lamang po, mag umpisa na tayoy, please stay with me for the representation, magpakilala muna ang ating mga seniors."

**SENIOR:** "Ako po si Cecilia Aranzaso ang Secretary ng Federation."

**SENIOR:** "Ako po si Amor Navarrete".

**SENIOR:** "Ako po si Nenita Reyes, Pangulo ng Pederasyon ng Senior Citizen dito sa Lungsod ng Bacoor."

**SENIOR:** "Ako po si Anselma Reyes, Executive Secretary po ni Presidente."

**SENIOR:** "Ako po si Teresita Domingo, Assistant Secretary ni Presidente."

**SENIOR:** "Ako po si Mr Roberto Luyun, BOD Officer in Peace & Order."

**SENIOR:** "Ako po si Rodolfo Luna ng Ligas 2 , Ligas 1 na ngayon."

**SENIOR:** "Ako po si Tolentino Bautista Santos ng BOD PRO."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Next the representative from the office of City Legal Service."

**ATTY MARIUS SUMIRA:** "Good afternoon po, your honor Mr Chair, Atty Marius Sumira po from the Office of City Legal Services po,"

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Thank you, Atty."

**ATTY. VENUS DE CASTRO:** "Magandang hapon po honorable councilors, at sa mga masisipag na president ng senior pederasyon ng barangay association, maraming marami pong salamat ako po si Atty Venus de Castro department head ng OSCA."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Mr. Chairman, ito'y panukala ng Pederasyon ng Senior Citizens ng Lungsod ng Bacoor sa kadahilanan na nagkaroon ng merging ang mga barangay, magandang sample nyan ay Barangay Poblacion, ngayon Poblacion na, dating barangay Daang Bukid, Camposanto, at Tabing Dagat. Before the merging ay may tatlong kapitan, may tatlong barangay, may tatlong president don ang senior citizens. Now that the three (3) barangays has already merged as one (1), isa na lang ang kapitan din kaya nuong election ng barangay ay isa na lang ang na-elect na kapitan and the rest will follow. So, ang ating Chairman, si Konsehal Simplicio Dominguez po ay natutuwa na nagmula sa inyo ang panukala at sa pagkakataon pong ito ay gusto po naming marinig ano po ang paliwanag nyo dito sa inyong panukala. Kayo po mam, Madam President."



Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

### 5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**PRES. NENITA REYES (President of Senior Citizen Federation):** "Good afternoon po sa ating lahat, dahil nga po

sa nagmerging tayo, ang sabi nyo sa akin eh problema mo yan, hindi po ba? Kaya yun po ang pumasok sa utak ko kaya nuon pa nag-isip na ako kung ano ba ang paraan dapat para lahat ay hindi po masasaktan at wala po tayong iiwan kaya kung ang dalawang (2) barangay kung pipili po doon , atin pong napag usapan na maari yung isa magbigay na lang sya, o cge ikaw na lang presidente kasi madaming gawain yan kung papayag sila. Kung hindi naman po sila papayag, magkakaran po tayo ng election, ang mag eelection lamang po ay yung dalawa (2) presidente kasi ibinoto po sila ng tao kaya hindi natin pwede sila na pabayaanan with due respect to them. Kailangan bigyan natin sila ng halaga, yun pong isa Presidente at yung isa naman po ay vice president para po magtutulongan sila, ngayon po ang napag usapan din naming they are worth it as old members kasi wala pong nakakaintindi ng mga ganoon sa lugar na yun kundi yung pangulo lamang kaya as a member gagawin po nila kung ano po ang gawain doon gaya ng mga para sa seniors , social pension, mga kalinga , mga reports gagawin po nila, kawawa naman po kung gagawin lahat ng preidente natin, sa dami po na yan, kasi po gagawa sya ng masterlist, kung yan po ay one thousand (1 thousand) isusulat po lahat yun ng sama sama, hindi po ba?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Consolidated records"

**PRES. NENITA REYES:** "Yes po. Consolidated na ang reports. Basta yung trabaho gagawin mo pero kapag kailangan na ni Presidente para doon s merging na yun, eh sya po ang gagawa, para mapabilis ang trabaho."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "In short madam, ibig sabihin mam dahil in effect na ang merging ordinance natin, so definitely isa na lang ang president, tapos ang panukala po ninyo ang mag eelect ay yung mga presidents lang. May tanong lang po ako, papaano yung results? Papaano po kung dalawang barangay lang po at gusto nila pareho, who will break the tie of their votes?"

**PRES. NENITA REYES:** "Ito po ang mangyayari dyan, we will vote all the officers ng dalawang president po. Kaya po ang mangyayari jan, yun pong 15 board members tapos yun pong ating OSCA senior federation officers sila po ang boboto pero ipapaliwanag natin kung ano ba dapat na mga qualification ng isang magiging pangulo, ano po ang magiging gawain nila."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Ang mga duties and responsibilities nila as the president of the 2 or 3 barangays. Kapag 3 barangays kasi walang problema pero kung pare-pareho silang tumakbo tig isang boto tie pa rin."

**MS ANSELMA REYES:** "Kasama po ang board ng pederasyon."

**PRES. NENITA REYES:** "In case kung dalawa lamang."

**COUNCILOR REYNALDO PALABRICA:** "The suggestion, there is an option to the presidents to settle or amicably agree the job between themselves kung sino ang magiging president, isang option yun in case pare-pareho may gusto, we will proceed with the elections tapos ang magiging botante ng election ay different officers ng pinanggalingan ng mga barangays plus the 15 officers of the BOD at saka yung executive officers, presidents, auditors and secretary."

**MS. ANSELMA REYES:** "Plus the Board Members of the Federation kasama sa botohan."

**COUNCILOR REYNALDO PALABRICA:** "Board members of the federation? Kasama kayo sa boboto?"





Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

### 5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD

Sa 46 barangays? Suggestion ko lang po dyan, we will deliberate this during our session kung papano at kung ano nasasaloob or nasa isip ninyo pero may suggestion lang po ako in case of tie ginagawa naman po ito ng comelec sa president ng Pilipinas, nangyari ito sa Bacoor, sa Maliksi 2 nag toss coin, nasa batas yun eh, pero hindi pa naman po tayo darating don, this afternoon our objective is for the Committees and the members of the Sangguniang Panlungsod itong pinadala nyong suggestions pero definitely pag uusapan namin ito. Iko-konsidera namin, pag-aaralan namin afterwards magdedecide kami kung ano magandang guidelines ang ilalabas natin."

**PRES. NENITA REYES:** "Willing naman po kami para matapos na po, para makagawa na din kami ng maayos."

**COUNCILOR REYNALDO PALABRICA:** "Actually po medyo nasa period of challenge, hindi lang po sa mga senior citizens associations including non government associations operating those barangays and also mga elect na barangay officials ngayon. Ang daming challenges ngayon kasi iimplement na ngayon itong merging eh, kaya nagpapasalamat ako sa inyong lahat kasi nagkusa kayo na bigyan nyo kami ng kopya suggestion at opinion at least makokonsider, malalaman at magiging basis namin for our decision in drafting the guidelines. Mr. Chairman, pakinggan natin ang OSCA."

**COUNCILOR SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Ok. Konsehal Palabrica."

**ATTY. VENUS DE CASTRO (OSCA DEPT. HEAD):** "Marami pong salamat Honorable Palabrica for Pro Tempore President. I commend the federation for drafting the Implementing Rules for the designation of the Chief Barangay Senior President for the Seniors Associations affected by the Barangay merging. Thank you for the efforts"

**PRES. NENITA REYES:** "Maraming maraming salamat po."

**ATTY. VENUS DE CASTRO:** "Ngayon tinitingnan ko po itong mga dokumento ninyong dala, na andito po Board Resolution No. 4 , dito sa Board resolution No. 4, this approved the Rules Implementing Guidelines this District 1 Federation. Samakatuwid, kailangan nyo ng pagpupulong para sa officers at District 1 Federation para mabuo ang resolution. Dito sa Implementing Rules, maganda po ang nilalaman at ako'y humahanga katalinuhan at sipag ng ating federation na nag draft kayo nito. Ngayon po napansin ko sa Implementing Rules Board Resolution No. 4 ay ang minemention lang ay ang District 1 pero kung babasahin ninyo po ito it applies to both District 1 and District 2. Kaya po ang suggestion namin yung sa Board Resolution 4 at sa Implementing Rules please reinstate that this refers to District 1 and District 2. Yun lang po your honor pero agreeable po ako dito sa nilalaman ng inyong Implementing Rules. Marami pong salamat po."

**PRES. NENITA REYES:** "Yes Mam. Thank you po. Isa lamang po yun may merging sa District 2. Mambog lang po. Dalawa lamang sila. Kaya sabi ko dito na lamang naming pag usapan."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Ikokonsider na lang po namin na ang suggestion is for the involved barangays."

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Dumating po ang aking kapwa konsehal"

**COUN. ADRIELITO GAWARAN.** "Magandang hapon po sa mga kapwa ko Senior Citizen."



Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

**5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Kayo po Atty. Sumira baka mayroon kayo magandang masasabi po"

**ATTY. MARIUS SUMIRA:** "Good afternoon po ulit, tungkol po ito sa ginawa nilang Implementing Rules at Board Resolution. Nakakatuwa po dahil prepared po sila just in case na merong tie, merong tumanggi kaya expected po natin na hindi naman lahat agad-agad mag a-agree sa biglaang pagbabago kaya maganda po yung mga back up plan para po doon just in case na hindi masusunod yung amicable settlement or agreement kung sino man po yun. Ang question ko lang po Senior President, hanggang kailan po ba itong set up?"

**PRES. NENITA REYES:** "Tuluy-tuloy na po kasi yan po ang susundin dito sa LGU natin sa merging ng barangay at yan po ang I-follow namin."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Ang pagpipilian ng president lang kung mag a-agree. Yun po ang ibig nyang sabihin. Hanggang sa matapos ang term pero after this term yung general membership selection na Transition Period."

**PRES. NENITA REYES:** "Next election we are going to have only one." Kaya maganda mamahinga parang barangay yan."

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Basta ang ating botohan, isang araw lang tayo, wag tayong magtalo-talo, lahat tayo sama-sama."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Yes of course, Mr. Chairman. Kung saka-sakali pero ang suggestion nyo naman sa bawat barangay na involved don sa merging the officers will maintain their position until their last term, so parang may seat of president na. Ang ginamit kasi nating term doon ay zone, halimbawa SINBANLI naman, sa ordinansa ng merging created na kaagad yung zone don. So, Sineguelasan is one (1) zone, Banalo is one (1) zone, Alima is one (1) zone. So, yung president sa bawat zone they will function until the end of this term as zone president but to resolve the issue of the position ng presidente the newly merge ng Barangay Sinbanali for example yan yung sinasabi nyo na pwede mag elect ang presidente, magkaroon na ng usap."

**PRES. NENITA REYES:** "Pero po yung the remaining president na naging Chief President magiging automatic po na vice president."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Papaano po yung ibang officers?"

**PRES. NENITA REYES:** "Magiging Executive President and Vice President." Dapat talaga fair tayo sa kanila." Ang sabi nyo po how about the other officers?" Tayo po ay talagang may uupo kasi nga po may president na may nagrepresent coming from those three (3) barangays po na yun."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "So the suggestion is to appoint ba or to endorse? Halimbawa, kung labing lima (15) tig lilima (5) para equal, paano po kung dalawang barangay lang? Labing lima yan, may butal, pero karapatan ng zone automatic may 5 seats sila don sa board para equally represented. Yun nga lang kapag dalawa (2) lang, Mambog 1 & Mambog 2 o Mambog 5 ay magcombine."

**PRES. NENITA REYES:** "Hindi po ganon ang mangyayare, pwede naman po na sila na ang pumili kung sino talaga ang karapat-dapat."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Ganito na lang po gawin natin, kung ok lang po sa inyo, kunin ko





Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

**5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

Ang opinyon nyo, to those two (2) barangays na nag merge, parang Maliksi 2 & 3, pito-pito (7) tapos kulang isa (1) the president shall have the authority to appoint kung sino. Pwede po ba yun? Para may guarantor si Presidente don."

**PRES. NENITA REYES:** "Pwede po yun."

**COUN. LEVY TELA:** "Para parehas yung presidente ng kabila, kasi 2 yung president, ganon din ang gawin sa kabila."

**COUN. ROGELIO NOLASCO:** "Isang opinyon lang, kung ang president sa Maliksi 1, yung namang ikapito (7) don naman mapupunta yun."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "My suggestion po, kung in case napagkasunduan ng Maliksi 2 & 3. Nanggaling po yan sa Maliksi 3 Presidente, dalawang Presidente, so the Director which will be appointed by the president will come from the other barangay, Ok po ba yun?"

**PRES. NENITA REYES:** "Opo. Ganoon ang labanan para walang samaan ng loob."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "As much as possible, palagay ko kailangan i-accommodate po nating lahat, kasi everybody wants to help, everybody wants to serve, to those officers na madisplace magcreate ng position kung maaari, halimbawa committee on social services ang inyong coordinater, para ma-accommodate natin. The more the merrier."

**PRES. NENITA REYES:** "Kasi po yan talaga may different committees, marami po tayong committees, nakaready na po."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "May Core Committees para ma-accommodate tay, para walang madisplace."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "May core committees para ma-accommodate tayo. Para walang madisplace. Ibig sabihin pagkaisahan po natin, pagtulung- tulungan po natin. Sabi nga ni Ate Lani, "Sama-Sama, tulung-tulong", Sabi naman ni Mayor, "We Strike as One". Paqgtulung- tulungan po natin. One Voice Tayo. Everybody should practice respect to one another. Kahit yung authority, mga kapitan sasabihan namin yan, irespeto nyo yung asosasyon ng mga senior citizen. All the association presidents and officers of senior citizens. Lahat ng mga NGOs including the senior citizen associations sasabihan din natin. Respect the kapitans. Tayo ang maging bridge. Ang gagawin po natin with regards to your proposal, the council will definitely consider the proposal, suggestions na narinig namin ngayon and idedeliberate namin. Lahat po ng narinig ngayon ipararating namin sa mga kasamahan namin, kukunin ang mga opinyon nila with the help of the Vice Mayor si Ate Wena, mabubuo natin ito at sinisiguro namin na magkakaroon tayo ng smooth transition para matulungan at hindi magkaroon ng conflict."

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Kaya lahat ng mga kapitan at mga president ng senior,nagkakatulungan."

**ATTY. VENUS DE CASTRO:** "Mr. Presiding Officer, nagpapasalamat po kami sa inyo sa mga programa napakaganda po ng ating pagpupulong ngayon, gusto ko lang po i-point out na ang pederasyon at OSCA meron silang formal working relationship kasi ang federation ang brain ng organization na tinatawag nab senior associations dito sa Bacoor. It is an NGO. Ngayon ang OSCA po is a government office under Office of the Mayor sa leadership ni mayor, ngayon ni





Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

### 5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD

Pres. Nene and me po ay nagpapasalamat naman ako at maganda ang aming working relationship, nagkakaroon lang ng konting problema sa ibang president . Dapat lahat ng mga projects ninyo, mga reports, mga updated masterlist bibigyan nyo din kami ng kopya."

**PRES. NENITA REYES:** "OO naman po mam. Mamaya po magbigay kami sa inyo."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Reminder lang po yun. Alam nyo naman ang senior minsan may lapses din."

**ATTY. VENUS DE CASTRO:** "OK naman ang aming communication ni Ate Nene, yun nga lang nagkakaroon ng ibang problema sa ibang mga presidente."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Kaya naman ay suggest na any problem na ma-encounter po ninyo ay mas maganda kung mapag uusapan ninyong pareho para po hindi po kayo ma-pressure lalo na ngayon at kakatapos lang ng election."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Mr. Chairman si Coun. Adrielito Gawaran."

**COUN. ADRIELITO GAWARAN:** "Mr. Chair since there is no matter to discuss or to tackle i moved for adjournment of our hearing."

**COUN. REYNALDO PALABRICA & COUNCILOR LEVY TELA:** "So Moved."

There being no other matters of concerned or for discussion , the Committee Hearing was adjourned at exactly 2:15 pm.

Prepared by:

  
**JOCELYN R. BAUTISTA**  
Clerk

Attested By:

  
**SIMPLICIO G. DOMINGUEZ**  
City Councilor  
Committee Chairman on Senior Citizen



Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

## 5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD

### COMMITTEE ON SENIOR CITIZENS and COMMITTEE ON RULES & PRIVILEGES, LAWS & ORDINANCES

#### JOINT COMMITTEE MINUTES NO. SC-006-2023

---

**Subject:** RESOLUTION OF THE PEDERASYON NG SENIOR CITIZENS ASSOCIATIONS NG LUNGSOD NG BACOR SENIOR CITIZENS ASSOCIATIONS NG LUNGSOD NG BACOR, CAVITE TO ADOPT THE RULES DISCUSSED AND APPROVED BY THE BOARD OF DIRECTORS OF THE DISTRICT 1 REGARDING THE APPOINTMENT OF ONE OF THE BARANGAY PRESIDENTS AMONG THOSE AFFECTED BY THE MERGER OF SOME BARANGAY UNITS. SC-006-2023 dated 20 November 2023.

---

1. Ang Committee hearing ay nagsimula ng 1:00 na ginanap noong ika 30 Nobyembre, 2023 sa MSBR Conference Room, 4<sup>th</sup> Floor, Sangguniang Panlungsod Resilience and Legislative Building sa Bacoor, Cavite na dinaluhan ng mga kasapi ng komite at naimbitahang mga panauhin.
2. Si kagalang-galang Simplicio Dominguez ay nanguna sa pagpupulong at kinilala ang presensya ng mga miyembro ng komite at mga panauhin.
3. Ang pagbababasa ng paksa tungkol sa Lupon ng Resolusyon at Pagpapatupad ng Tuntunin ay binasa ni kagalang-galang Konsehal Reynaldo Palabrica bilang kasapi ng komite..

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ (Chairman of the Committee):** Ipakilala ko muna po ang iba nating kasamahan sa committee hearing na ito. Konsehal Tela."

**COUN. LEVY TELA:** "Magandang hapon po sa inyong lahat. Ako po si Konsehal Levy Tela Vice Chairman ng Committee on Senior Citizen."

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Sa kanan ko naman ay si Konsehal Palabrica ."For the record po, magandang umaga sa aking mga kasamahan sa konseho. Malugod ko po kayong inanyayahan sa joint committee na ito upang matalakay natin ang patungkol sa pagtatalaga ng mga presidente sa Senior Citizens Federation na naapektuhan ng barangay merging. Konsehal Palabrica. Ano po ang masasabi nyo sa nakasaad na B Resolusyon ng Lupon sa Pederasyon ng Senior Citizens?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Konsihal Palabrica po, President Pro Tempore ng Sangguniang Panlungsod, Committee Chairman on Rules & Privileges, Laws & Ordinances, Member Committee on Senior Citizen, Magandang Hapon po sa inyong lahat." Ikokonsidera at pag-aaralan natin, then afterwards magdedecide tayo kung anong guidelines ang imumungkahi natin. Dahil bago at first time pa lang sa atin ang barangay merging implementation."

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Konsehal Bok Nolasco."

**COUN. ROGELIO NOLASCO.** "Magandang Hapon po sa inyong lahat na katulad kong senior. Salamat po sa





Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

## 5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD

inyong presence."

**COUN. RAMON BAUTISTA:** "Magandang hapon po sa inyong lahat."

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Ngayon magpakilala na lang po ang seniors."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "For the record lamang po, mag umpisa na tayo, please stay with me for the representation, magpakilala muna ang ating mga seniors."

**SENIOR:** "Ako po si Cecilia Aranzaso ang Secretary ng Federation."

**SENIOR:** "Ako po si Amor Navarrete".

**SENIOR:** "Ako po si Nenita Reyes, Pangulo ng Pederasyon ng Senior Citizen dito sa Lungsod ng Bacoor."

**SENIOR:** "Ako po si Anselma Reyes, Executive Secretary po ni Presidente."

**SENIOR:** "Ako po si Teresita Domingo, Assistant Secretary ni Presidente."

**SENIOR:** "Ako po si Mr Roberto Luyun, BOD Officer in Peace & Order."

**SENIOR:** "Ako po si Rodolfo Luna ng Ligas 2 , Ligas 1 na ngayon."

**SENIOR:** "Ako po si Tolentino Bautista Santos ng BOD PRO."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Next the representattve from the office of City Legal Service."

**ATTY MARIUS SUMIRA:** "Good afternoon po, your honor Mr Chair, Atty Marius Sumira po from the Office of City Legal Service po, "

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Thank you, Atty."

**ATTY. VENUS DE CASTRO:** "Magandang hapon po honorable councilors, at sa mga masisipag na president ng senior pederasyon ng barangay association, maraming marami pong salamat ako po si Atty Venus de Castro department head ng OSCA."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Mr. Chairman, ito'y panukala ng Pederasyon ng Senior Citizens ng Lungsod ng Bacoor sa kadahilanan na nagkaroon ng merging ang mga barangay, magandang sample nyan ay Barangay Poblacion, ngayon Poblacion na, dating barangay Daang Bukid, Camposanto, at Tabing Dagat. Before the merging ay may tatlong kapitan, may tatlong barangay, may tatlong president don ang senior citizens. Now that the three (3) barangays has already merged as one (1), isa na lang ang kapitan din kaya nuong election ng barangay ay isa na lang ang na-elect na kapitan and the rest will follow. So, ang ating Chairman, si Konsehal Simplicio Dominguez po ay natutuwa na nagmula sa inyo ang panukala at sa pagkakataon pong ito ay gusto po naming marinig ano po ang paliwanag nyo dito sa inyong panukala. Kayo po mam, Madam President ."

**PRES. NENITA REYES (President of Senior Citizens Federation):** "Good afternoon po sa ating lahat, dahil nga po sa nagmerging tayo, nuong unang hearing natin pinapaliwanag natin, ang sabi nyo sa akin eh problema mo yan, hindi po ba? Kaya yun po ang pumasok sa utak ko kaya nuon pa nag-isip na ako kung ano ba ang paraan dapat para lahat ay hindi po masasaktan at wala po tayong



Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

### 5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD

iiwan kaya kung ang dalawang (2) barangay kung pipili po doon , atin pong napag usapan na maari yung isa magbigay na lang sya, o cge ikaw na lang presidente kasi madaming gawain yan kung papayag sila. Kung hindi naman po sila papayag, magkaron po tayo ng election, ang mag eelection lamang po ay yung dalawa (2) presidente kasi ibinoto po sila ng tao kaya hindi natin pwede sila na pabayaang with due respect to them. Kailangan bigyan natin sila ng halaga, yun pong isa Presidente at yung isa naman po ay vice president para po magtutulongan sila, ngayon po ang napag usapan din naming they are worth it as old members kasi wala pong nakakaintindi ng mga ganoon sa lugar na yun kundi yung pangulo lamang kaya as a member gagawin po nila kung ano po ang gawain doon gaya ng mga para sa seniors , social pension, mga kalinga , mga reports gagawin po nila, kawawa naman po kung gagawin lahat ng presidente natin, sa dami po na yan, kasi po gagawa sya ng masterlist, kung yan po ay one thousand (1 thousand) isusulat po lahat yun ng sama sama, hindi po ba?"

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Consolidated records"

**PRES. NENITA REYES:** "Yes po. Consolidated na ang reports. Basta yung trabaho gagawin mo pero kapag kailangan na ni Presidente para doon sa merging na yun, eh sya po ang gagawa, para mapabilis ang trabaho."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "In short madam, ibig sabihin mam dahil in effect na ang merging ordinance natin, so definitely isa na lang ang president, tapos ang panukala po ninyo ang mag eelect ay yung mga presidents lang. May tanong lang po ako, papaano yung results? Papaano po kung dalawang barangay lang po at gusto nila pareho, who will break the tie of their votes?"

**PRES. NENITA REYES:** "Ito po ang mangyayari dyan, we will vote all the officers ng dalawang president po. Kaya po ang mangyayari jan, yun pong 15 board members tapos yun pong ating OSCA senior federation officers sila po ang boboto pero ipapaliwanag natin kung ano ba dapat na mga qualification ng isang magiging pangulo, ano po ang magiging gawain nila."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Ang mga duties and responsibilities nila as the president of the 2 or 3 barangays. Kapag 3 barangays kasi walang problema pero kung pare-pareho silang tumakbo tig isang boto tie pa rin."

**MS ANSELMA REYES:** "Kasama po ang board ng pederasyon."

**PRES. NENITA REYES:** "In case kung dalawa lamang."

**COUNCILOR REYNALDO PALABRICA:** "The suggestion, there is an option to the presidents to settle or amicably agree the job between themselves kung sino ang magiging president, isang option yun in case pare-pareho may gusto, we will proceed with the elections tapos ang magiging botante ng election ay different officers ng pinanggalingan ng mga barangays plus the 15 officers of the BOD at saka yung executive officers, presidents, auditors and secretary."

**MS. ANSELMA REYES:** "Plus the Board Members of the Federation kasama sa botohan."

**COUNCILOR REYNALDO PALABRICA:** "Board members of the federation? Kasama kayo sa boboto? Sa 46 barangays? Suggestion ko lang po dyan, we will deliberate this during our session kung papano at kung ano nasasaloob or nasa isip ninyo pero may suggestion lang po ako in case of tie ginagawa naman po ito ng comelec sa president ng Pilipinas, nangyari ito sa Bacoor, sa Maliksi 2 nag toss coin, nasa batas yun eh, pero hindi pa naman po tayo darating don, this afternoon our objective is for the Committees and the members of the Sangguniang Panlungsod itong





Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

### 5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD

pinadala nyong suggestions pero definitely pag uusapan namin ito. Iko-consider namin, pag-aaralan namin afterwards magdedecide kami kung ano magandang guidelines ang ilalabas natin."

**PRES. NENITA REYES:** "Willing naman po kami para matapos na po, para makagawa na din kami ng maayos."

**COUNCILOR REYNALDO PALABRICA:** "Actually po medyo nasa period of challenge, hindi lang po sa mga senior citizens associations including non government associations operating those barangays and also mga elect na barangay officials ngayon. Ang daming challenges ngayon kasi iimplement na ngayon itong merging eh, kaya nagpapasalamat ako sa inyong lahat kasi nagkusa kayo na bigyan nyo kami ng kopya suggestion at opinion at least makokonsider, malalaman at magiging basis namin for our decision in drafting the guidelines. Mr. Chairman, pakinggan natin ang OSCA."

**COUNCILOR SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Ok. Konsehal Palabrica."

**ATTY. VENUS DE CASTRO (OSCA DEPT. HEAD):** "Marami pong salamat Honorable Palabrica Pro Tempore President. I commend the federation for drafting the Implementing Rules for the designation of the Chief Barangay Senior President for the Seniors Associations affected by the Barangay merging. Thank you for the efforts"

**PRES. NENITA REYES:** "Maraming maraming salamat po."

**ATTY. VENUS DE CASTRO:** "Ngayon tinitingnan ko po itong mga dokumento ninyong dala, na andito po Board Resolution No. 4 , dito sa Board resolution No. 4, this approved the Rules Implementing Guidelines this District 1 Federation. Samakatuwid, kailangan nyo ng pagpupulong para sa officers at District 1 Federation para mabuo ang resolution. Dito sa Implementing Rules, maganda po ang nilalaman at ako'y humahanga katalinuhan at sipag ng ating federation na nag draft kayo nito. Ngayon po napansin ko sa Implementing Rules Board Resolution No. 4 ay ang minemention lang ay ang District 1 pero kung babasahin ninyo po ito it applies to both District 1 and Distric 2. Kaya po ang suggestion namin yung sa Board Resolution 4 at sa Implementing Rules please reinstate that this refers to District 1 and District 2. Yun lang po your honor pero agreeable po ako dito sa nilalaman ng inyong Implementing Rules. Marami pong Salamat po."

**PRES. NENITA REYES:** "Yes Mam. Thank you po. Isa lamang po yun may merging sa District 2. Mambog lang po. Dalawa lamang sila. Kaya sabi ko dito na lamang naming pag usapan."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Ikokonsider na lang po namin na ang suggestion is for the involved barangays."

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Dumating po ang aking kapwa konsehal"

**COUN. ADRIELITO GAWARAN.** "Magandang hapon po sa mga kapwa ko Senior Citizen."

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Kayo po Atty. Sumira baka mayroon kayo magandang masasabi po."

**ATTY. MARIUS SUMIRA:** "Good afternoon po ulit, tungkol po ito sa ginawa nilang Implementing Rules at Board Resolution. Nakakatuwa po dahil prepared po sila just in case na merong tie, merong tumanggi kaya expected po natin na hindi naman lahat agad-agad mag a-agree sa biglaang pagbabago kaya maganda po yung mga back up plan para po doon just in case na hindi



Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

**5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

masusunod yung amicable settlement or agreement kung sino man po yun. Ang question ko lang po Senior President, hanggang kailan po ba itong set up?

**PRES. NENITA REYES:** "Tuluy-tuloy na po kasi yan po ang susundin dito sa LGU natin sa merging ng barangay at yan po ang I-follow namin."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Ang pagpipilian ng president lang kung mag a-agree. Yun po ang ibig nyang sabihin. Hanggang sa matapos ang term pero after this term yung general membership selection na Transition Period."

**PRES. NENITA REYES:** "Next election we are going to have only one." Kaya maganda mamahinga parang barangay yan."

**COUN. SIMPLICIO DOMINGUEZ:** "Basta ang ating botohan, isang araw lang tayo, wag tayong magtalo-talo, lahat tayo sama-sama."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Yes of course, Mr. Chairman. Kung saka-sakali pero ang suggestion nyo naman sa bawat barangay na involved don sa merging the officers will maintain their position until their last term, so parang may seat of president na. Ang ginamit kasi nating term doon ay zone, halimbawa SINBANLI naman, sa ordinansa ng merging created na kaagad yung zone don. So, Sinaguelasan is one (1) zone, Banalo is one (1) zone, Alima is one (1) zone. So, yung president sa bawat zone they will function until the end of this term as zone president but to resolve the issue of the position ng presidente the newly merge ng Barangay Sinbanali for example yan yung sinasabi nyo na pwede mag elect ang presidente, magkaroon na ng usap."

**PRES. NENITA REYES:** "Pero po yung the remaing president na naging Chief President magiging automatic po na vice president."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Papaano po yung ibang officers?"

**PRES. NENITA REYES:** "Magiging Executive President and Vice President." Dapat talaga fair tayo sa kanila." Ang sabi nyo po how about the other officers?" Tayo po ay talagang may uupo kasi nga po may president na may nagrerepresent coming from those three (3) barangays po na yun."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "So the suggestion is to appoint ba or to endorse? Halimbawa, kung labing lima (15) tig lilima (5) para equal, paano po kung dalawang barangay lang? Labing lima yan, may butal, pero karapatan ng zone automatic may 5 seats sila don sa board para equally represented. Yun nga lang kapag dalawa (2) lang, Mambog 1 & Manbog 2 o Mambog 5 ay magcombine."

**PRES. NENITA REYES:** "Hindi po ganon ang mangyayare, pwede naman po na sila na ang pumili kung sino talaga ang karapat-dapat."

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** "Ganito na lang po gawin natin, kung ok lang po sa inyo, kunin ko Ang opinyon nyo, to those two (2) barangays na nag merge, parang Maliksi 2 & 3, pito-pito (7) tapos kulang isa (1) the president shall have the authority to appoint kung sino. Pwede po ba yun? Para may guarantor si Presidente don."

**PRES. NENITA REYES:** "Pwede po yun."

**COUN. LEVY TELA:** "Para parehas yung presidente ng kabila, kasi 2 yung president, ganon din ang gawin





Republic of the Philippines  
Province of Cavite  
City of Bacoor

## 5<sup>th</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD

sa kabila.”

**COUN. ROGELIO NOLASCO:** “Isang opinyon lang, kung ang president sa Maliksi 1, yung namang ikapito (7) don naman mapupunta yun. “

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** “My suggestion po, kung in case napagkasunduan ng Maliksi 2 & 3, Nanggaling po yan sa Maliksi 3 Presidente, dalawang Presidente, so the Director which will be appointed by the president will come from the other barangay, Ok po ba yun?”

**PRES. NENITA REYES:** “Opo. Ganoon ang labanan para walang samaan ng loob.”

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** “As much as possible, palagay ko kailangan I-accommodate po nating lahat, kasi everybody wants to help, everybody wants to serve, to those officers na madisplace magcreate ng position kung maaari, halimbawa committee on social services ang inyong coordinator, para ma-accommodate natin. The more the merrier.”

**PRES. NENITA REYES:** “Kasi po yan talaga may different committees, marami po tayong committees, nakaready na po.”

**COUN. REYNALDO PALABRICA:** “May Core Committees para ma-accommodate tayo, para walang ma-displace.”

### **IBA PANG MGA BAGAY NA PINAG-usapan/DELIBERASYON:**

#### **A)-HILING/MUNGKAHI NG BADYET PARA SA MGA PROYEKTO NG MGA SENIOR CITIZENS MULA SA BARANGAY CAPTAIN**

**PRES. NENITA REYES:** “Ganito po kasi syempre pag uusapan din ng mga presidente yan, ipapaliwanag ko lang hah, ang IRA ibibigay yan sa presidente, ang cash naman ni president mababa, how many members they have. Ang member mo 1 thousand , ang member mo 500 hundred, ito ididivide mo. Yung dalawa pagsamahin mo, Magkano makukuha ng senior, para wala silang inggitan.”

